# UNANG BAHAGI

# MGA MAHABANG TULA

# KABANATA 1. – PANGKASAYSAYAN

## *A. PASYON AT KAMATAYAN NG ATING KALAYAAN*
*(Setyembre 1975)*

### I. ANG ATING NAKARAAN

**Pilipino'y matiisin, ngunit. . .**

1. Ako'y Pilipino. . . ako'y matiisin,
Sa harap ng dusa'y hindi madaingin;
Hirap at pighati'y kaya kong dibdibin
Maluwag ang aking puso at damdamin.

2. Nguni't dumarating ang isang sandali
Na lumalabis na ang aking pighati,
Hirap, pagkaapi at pagkalugami. . .
Hanggang sa di ko na makuhang magtimpi.

3. Noong unang ako ay biglang pinutlan
Ng mga minanang laya't karapatan
Ay di ko nakuhang tumutol man lamang
Dahilan sa sindak at kabiglaanan.

**Pahiram na kapangyarihan**

4. Di ko inakalang ang kapangyarihang
Ipinahiram lang sa pamahalaan
Upang itong Bayan ay ipagsanggalang
Ay sasandatahing panggahis sa Bayan.

5. Ako'y nagtiwala sa mga pangako
Ng mga opisyal at mga pinuno
Na ang demokrasyang tinubos ng dugo
Ng libong bayani'y hindi iguguho.

6. Di ko akalaing may uri ng tao
Na pag nakatikim ng pagka Pangulo
Ay di na bibitiw sa natamong trono
Kahit ang sandiga'y lakas lang ng hukbo.

7. Ang lalong mahapding kabalintunaan
Ay ang pangyayaring tayong mamamayan
Na siyang kadluan ng kapangyarihan
Ay siya pa ngayong pinaghaharian.

**Sino ang dahilan?**

8. At sino ang taong ngayo'y naghahari?
Di baga't siya ang prinsipal na sanhi

Ng naging magusot na pagkapalungi
Ng katiwasayan nitong ating lahi?

**Katiwalian**

9. Di ba sa panahon ng panunungkulan
Ng ngayo'y pinuno nitong ating bayan
Lubhang nag-ibayo ang katiwalian,
Dayaan, gastahan, patayan, takutan?

**Pagpapayaman**

10. At di ba noon din natin nasaksihan
Ang nakasisindak na pagpapayaman
Ng ilang may hawak ng kapangyarihan. . .
Mga kamag-anak, kroni't kasabuwatan?

**Private Army**

11. At saka noon din sumipot, dumami
Ang kung taguria'y mga "private army"
Na ang pasimuno'y yaong mga kroni
Ng mga "malakas" na kumakandili.

**Plaza Miranda**

12. Noon din binomba ang Plaza Miranda. . .
Ang naging biktima'y laya't demokrasya;
Nguni't hanggang ngayon – nakapagtataka
Ang mga salari'y di pa makilala.

**Inflation**

13. Noon din bumagsak ang halaga't uri
Ng ating pambansang gamit na salapi
Dahil sa paggastang walang pasubali
Ng pinunong nais mahalal na muli.

14. Tumaas ang presyo ng mga kailangan,
Nguni't kinikita'y hindi naragdagan;
Biglang lumubha ang madlang kagipitan
Ng nahihirapang mga taong-bayan.

**Mga demonstras-yon**

15. Ito ang dahilan ng pagsipot noon
Ng maraming rally't mga demonstrasyon
Bilang pagtutol sa nagkapatung-patong
Na mga abusong sa Baya'y nabunton.

**Kabataan**

16. Unang nagsikilos yaong kabataan
Na tagapagmana ng kinabukasan;
Sila ay nangambang mawalang lubusan
Ang magandang bukas na inaasahan.

17. Nguni't anong lungkot ang kinahinatnan
Ng kilusang yaong sadyang makabayan. . .
Ito ay ginamit na maging dahilan
Upang buong bansa'y gapusing puspusan.

**Ginulo ang mga rally**

18. Mga pagtitipon ay sadyang ginulo
Ng ilang hinirang at upahang tao
Na kunuwa'y humalo't nakihalubilo
Sa mga payapa't mahinahong grupo.

19. Saka pagkaraan ay pinagbintangang
Manggugulong lahat yaong kabataan;
At saka puspusang tinakot ang Bayang
Tayo'y nakabingit sa isang aklasan.

**Maoist daw**

20. At bukod pa rito'y pilit pinalitaw
Na ang kabataa'y pawang kampon ni Mao
Na inilarawang mistulang halimaw
Na sa ating bayan ay handang sumakmal.

21. Sadyang umimbento ng mga pakana
Upang itong Baya'y malinlang, madaya. . .
At tuloy makuhang mapapaniwala
Na ang aklasan nga'y tunay na malubha.

**Armas sa Digoyo**

22. Kunuwa'y nakadakip ng malaking barko
Sa gawing pampangin ng Punta Digoyo –
Lulan daw ay armas para sa sundalo
Niyaong diumano ay rebeldeng hukbo.

23. Ito raw ay galing sa Tsinang Pulahan
Upang ang rebelyon ay masandatahan;
Nguni't ito pala ay kabulaanan. . .
Ito pala'y isang salamangka lamang.

24. At upang ang bayan ay lalong matakot,
Ay may inutusang magsipagpaputok
Ng bomba't pulburang maingay ang sabog
Sa ilang piniling gusali at pook.

**Ambus-ambusan kay Enrile**

25. Saka pagkaraa'y nagdrama na naman. . .
Kunuwa'y pina-ambush ang kotseng sasakyan
Ni Ponce Enrileng tsuper lang ang lulan
Na di nasugata't di man nagalusan.

26. Ito raw ang naging panghuling dahilan
Kung bakit 'pinataw sa sawi 'tang Bayan
Yaon ngang "martial law" na ang kahuluga'y
Pagkitil sa dangal at sa kalayaan. .

**Tumbalik na petsa**

27. Ngayo'y lumilitaw na ang "ambush" pala
Ay isang sinadya't kinathang komedya. . .
Lubhang maliwanag yaong ebidensiya,
Batay sa tumbalik na araw at petsa.

28. Setyembre beynte-dos naganap ang 'ambush'
Datapua't ang petsa ng decree o utos
Tungkol sa martial law ay kulang at kapos
Ng buong 'sang araw bago nagbeynte-dos.

29. Ang petsa niyaong Presidential Decree
Ay abeynte-uno ng buwang Septyembre –
Isang araw bago umano'y nangyari
Ang ambus-ambusan kay Ponce Enrile.

30. Kung kaya't di sukat mapaniwalaan
Ang ipinahayag na kabulaanang
Ang "ambush" na di pa nagaganap man lang
Ay naging isa na sa mga dahilan.

31. Kaya't ako'y hindi makapagtiwala
Sa mga dahilang ipinalathala
Kung bakit martial law'y dineklarang bigla
Sa lahat ng sulok nitong ating bansa.

**Pakana upang mamalagi sa puesto**

32. Bakit di harapin ang katotohanan. . .
Di baga't ang tunay at tanging dahilan
Ng biglang paggapos sa sawi tang Bayan
Ay upang lumagi sa kapangyarihan?

**Wala nang reeleksyon**

33. Sapagkat, sang-ayon sa 'ting Konstitusyon
Si Pangulong Marcos ay hindi na noon
Pahihintulutan na magreelekyson –
Matapos ang taning niyang walong taon.

**Ginang Marcos, kandidata?**

34. Sa kabilang dako ay napagkilala
Na kung ang tatakbo'y si Ginang Imelda
Ay tiyak na walang kapaga-pagasa –
Kahit na gamitan ng lakas at kuwarta.

35. Kaya't may binalak na ibang paraan
Upang manatili sa kapangyarihan. . .
Ipinagpilitan na ating palitan
Ang dating sistema ng pamahalaan.

**Gobyernong Parlamentaryo**

36. Ang dating gobyernong may sangay na tatlo –
Kongreso, Hukuman at saka Pangulo –
Ay pilit nilansag. . . at, sa halip nito,
Ang itatatag daw ay parlamentaryo.

37. Napakabuti raw ang ganyang gobyerno
Di raw matitipon sa iisang tao
Ang lakas na noo'y hawak ng Pangulo,
Bagkus mamumuno ay ang Parlamento.

**Tutol ang bayan**

38. Sa mula't mula pa'y tutol na ang Bayan
Sa ganyang sistema ng pamahalaan;
Di nais ng Bayan na biglang palitan
Yaong kinagisnan at kinabihasnan.

39. Ang dating sistema'y hindi nga perpekto
Tulad ng alinmang kinatha ng tao;
Sakaling yaon nga'y may ilang depekto
Ay di kasing lubha ng ibang gobyerno.

40. At kung napalungi ang lakad ng Bayan
Sa dating sistema ng pamahalaan,
Ay di ang sistema ang may kasalanan
Kundi ang may hawak ng kapangyarihan.

**Taktika at pakana**

41. Kaya nga't tumutol itong buong bansa
Pagka't nakapansin at nakahalata
Na ang panukala'y isa lang pakana
Na may nakakubling maruming adhika.

42. Ito ay taktika upang ang Pangulo,
Na hindi na puedeng magbalik sa puesto,
Ay muling maluklok sa hawak na trono
Sa bagong taguri na Primer Ministro.

**Pag-iwas sa konstitusyon**

43. Ito ay pag-iwas sa atas ng Bayan
Na ang isang tao'y di dapat hayaang
Makapanatiling halos palagian
Sa kapangyarihang kataastaasan.

44. Panglasing, panghibang ang kapangyarihan,
Lalo't palagian at lubus-lubusan. . .
Ito'y karanasang makatotohanan
Na sa kasaysaya'y ating natutuhan.

**Mga preno sa gobyerno**

45. Kaya't sa gobyerno na republikano,
Ang bawa't opisyal ay may taga-preno
Preno sa Pangulo'y hukuma't kongreso;
Preno sa Kongreso'y Pangulo't husgado.

46. Ang isa pang preno sa pangulo noon
Ay ang pagbabawal sa 'ting Konstitusyon
Na ang presidenteng may walo nang taong
Singkad sa tungkulin ay magreeleksyon.

**"Payola" sa Con-Con**

47. Tinangkang lihisan ang probisyong yaon
Pinilit baguhin yaong Konstitusyon;
"Payola'y" ginamit upang sumang-ayon
Ang maraming myembro ng yumaong Con-Con.

**Si Quintero**

48. Salamat na lamang, ibinunyag ito
Ng isang dakila't bunying delegado
Na hindi nagbili ng kanyang prinsipyo. . . .
Ang kanyang pangala'y Eduardo Quintero.

49. Buong Sambayana'y sukdulang nasuklam –
Pati pala Con-Con na inaasahang
Siyang babalangkas ng batas ng Bayan
Ay sinalaula nitong panguluhan.

50. Lalong nagtumining sa isip ng Bayang
Kung "parlamentaryo" ang aaprubahan
Ng Con-Cong sistema ng pamahalaan,
Ito ay tahasan nating tatanggihan.

**Nabahala ang Pangulo**

51. Ang ganyang isipa't damdamin ng tao
Ay pihong nalaman ng ating Pangulo;
Nalama't natiyak na sa plebisito
Ay hindi lulusot ang "parlamentaryo."

52. Naglaho ang planong magprimer-ministro.
At di na rin siya puedeng mag-Pangulo;
Kaya't ano ngayon ang tanging remedyo
Upang huwag siyang matinag sa puesto?

**Martial Law**

53. Ang tanging paraa'y gamitin ang hukbo. . .
Gamitin ang lakas at sandata nito
Upang sapilitang ipataw sa tao
Ang lupit ng isang dekretong "martial law."

54. Sa ganyang paraa'y pilit maliliban
Ang nakatadhanang pambansang halalan
Na sana'y magiging tiyak na hanggahan
Ng pununungkulan ng pangasiwaan.

55. Minsang maialis ang mga halalan,
Tayong mamamaya'y parang inagawan
Ng tanging sandigan ng kapangyarihang
Humawak sa renda ng pamahalaan.

**Balota Vs. Sandata**

56. Ang makapangyayari'y di na ang balota
Bagkus panggagahis, lakas at sandata;
Pagluluksaan na yaong demokrasya
Pagkat hahalili'y isang diktadura.

57. At sadyang ito nga ang nais mangyari
Ng isang pinunong ayaw pahalili,
At habang panaho'y nais manatili
Sa puestong sa kanya ay kawiliwili.

**Pinaghandaan ang Martial Law**

58. Ang planong naturan ay pinaghandaan
Sa mula't mula pang siya'y nanungkulan.
Tiniyak na yaong hukbong sandataha'y
Susunod sa kanya nang lubus-lubusan.

59. Sa panunungkulang halos pitong taon,
Siya'y nagkaroon ng pagkakataon
At, bukod pa rito'y, sapat na panahon
Upang mabalangkas ang naturang layon.

**Ang Hukbo**

60. Sa bawa't heneral na nagreretiro,
Ang ninonombraha'y kapuwa Ilokano. . .
Dili kaya nama'y yaong mga tao
Na sunud-sunuran sa kanyang imando.

61. Saka dinagdagan nang ilang ibayo
Ang lakas at bilang ng hukbong armado;
Pinagdoble-doble yaong presupuesto
Upang yaong hukbo'y mahanda nang husto.

62. Bihirang-bihira yaong naghinala
Na ang hahantungan ng ganyang pakana
Ay di pagtatanggol nitong ating bansa
Bagkus ang pagkitil sa sariling laya.

**Nabigla ang bayan**

63. Kaya't sambayana'y lubusang namangha –
Karamihan pa nga'y ayaw maniwala –
Nang isang umaga, pagbangon sa higa,
Demokrasya pala'y pumanaw nang bigla.

64. Biglang nawala ang mga pahayagan
Sampung mga brodkast ng mga himpilan
Ng TV at radyong pinanggagalingan
Ng mga balita at kurong pambayan.

**Mga Ikinulong**

65. Buong sambayanan ay lalong nabaghan
Nang nabalitaan sa bulung-bulungan
Na napakaraming mga mamamayan
Ang pinagkukulong sa mga piitan.

66. Halos lahat sila'y walang kasalanan
O anomang krimen na maibibintang
Liban sa kanilang paninindigan
Laban sa abuso ng pangasiwaan.

**Mga marangal at magiting**

67. At anong pagkalaking kabalintunaan –
Kung sino pa yaong mga mararangal,
Magiting, malinis, matapat sa Bayan
Ang siyang dinakip at pinarusahan.

68. Ang mga dinakip na mamamahayag
Ay yaong di takot puspusang magbunyag
Ng katiwalian; at di nangabulag
Sa kislap ng gintong sa iba'y bumihag.

69. Nakabilang diyan sina Roces, Locsin,
Rama, Doronila, Recio Cruz, Soliven –
Mga peryodistang pawang magigiting. . .
At si Soc Rodrigo ay ipiniit din.

**Mga marurupok ang naligtas**

70. Ang mga natirang mga manunulat –
Huwag magagalit, di ko nilalahat –
Ay yaong marupok at laang kumagat
Sa pain na lubhang kahikahikayat.

**Mga senador na dinakip**

71. Tatlo ang senador na ipinapreso;
Sina Mitra, Diokno at Ninoy Aquino –
Pawang malilinis na mga ginoo,
At mga butihing lingkod ng gobyerno.

**Mga delegado ng Con-Con**

72. Pinagdadakip din at pinagkukulong
Yaong mga myembro ng datihang Con-Con
Na nagsipanguna sa di pagsang-ayon
Sa lutong-Marcos na bagong konstitusyon.

73. Kabilang sa mga bunying delegado
Na ipinapiit sa Fort Bonifacio
At saka sa Crame at Camp Aguinaldo
Sina Mari Velez, Martinez, Nolledo.

74. Gayon din sina Guiao, Bacalso, Nap Rama
Lichauco, Calderon, Rondon, Araneta
Pimentel, Concepcion at Tito Guingona
Saka ang yumaong si Voltaire Garcia.

**Mga kabataan**

75. Libo at libo ang mga kabataan
Na pinagpipiit sa mga kulungan
Pagkat nagmatigas sa paninindigan
At nangagsitangging magsunudsunuran.

**Mga Mamamayan**

76. Mga mamamayang may diwang bayani
Ang pinagliligpit; at ang kinandili
Ay yaong sa giting ay namumulubi. . .
Kinang ay naglaho, dilim ang nagwagi.

77. Lahat at balana ay nahintakutan
Na baka mamaya o kinabukasan
Ay sila o myembro ng kanilang angkan
Ang makatuwaang damputin na lamang.

**Hindi nakaimik ang karamihan**

78. Mga mamamaya'y hindi nakaimik
Kahit nagsisikip ang puso at dibdib;
Ang tinig ng baya'y lubusang naimpit
Dahil sa pangamba sa pagmamalupit.

79. At kahit na yaong ilang magigiting
Na handang tumutol sa pang-aalipin
Ay walang paraan upang maparating
Sa bayan ang tinig ng tutol at daing.

**Kontroladong media**

80. Sapagkat ang lahat ng TV at radyo,
Mga pahayagan, imprenta't koreo
Ay lubus-lubusang naging instrumento
Na pangpropaganda ng nasa gobyerno.

**"Rumor mongering"**

81. At upang ang kontrol sa paghahatiran
Ng mga balita ay maging lubusan
Ay ipinagbawal ang bulung-bulungan. . .
Ang "rumor mongering" ay pinarusahan.

82. Inagaw sa Bayan yaong karapatan
Na dulot ng Diyos sa bawa't nilalang
Na kusang tumuklas ng katotohanan
Upang matagpuan ang kanyang hantungan

**Mistulang kabayo**

83. Baya'y itinulad sa isang kabayo:
Mata'y tinabingan sa bawat ibayo,
Upang ang tangi lang matatanaw nito
Ay yaong landasing nais ng kutsero.

**Ang "Bagong Lipunan"**

84. Sa gitna ng ganyang sawing katayuan
Ay pinaglakuan ang sindak na Bayan
Ng isang umano'y planong pagkainam
Na tinaguriang Ang Bagong Lipunan.

85. Ang ating kahapon ay inilarawang
Kapangit-pangita't kasama-samaan;
Kayat marapat daw palitang lubusan
Ang ating maruming kahapong nagdaan.

**Kabalintunaan**

86. Nguni't anong laking kabalintunaan!
Ang bumabatikos sa dating lipunan
Ay yaong prinsipal na may kinalaman
Sa lahat ng dating mga kapintasan.

87. Sapagka't, di baga sa kanyang panahon
Ng panunungkulan na may pitong taon
Naganap ang sukdol na pagkakabaon
Ng Bayan sa hirap, gulo at linggatong?

**Sinabi ni Rizal**

88. Si Gat Jose Rizal ay sadyang nagwika:
Hindi igagawad ni Poong Bathala
Yaong karangalang sumagip sa bansa
Sa taong sa bayan ay nagpanganyaya.

**Katumbalikan**

89. Ang lalong malungkot na katumbalikan
Ay yaong pagdakip sa mga lumaban
Sa mga abuso ng pangasiwaang
Siyang pasimuno sa dating lipunan.

90. Kung sino pa yaong mga nagsibaka
Sa katiwalia'y siyang pinagdusa;
Samantalang yaong mga ka-orkesta
Sa pagmamalabis ay pinaligaya.

**Balagtas — Florante at Laura**

91. Kusang nanumbalik sa isip ko't diwa
Ang kay Gat Balagtas na mga kataga
Na lubhang mahapdi't makalaglag-luha.
Heto ang panaghoy ng ating makata: –

92. "Sa loob at labas ng Bayan kong sawi
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami
naamis sa hukay ng dusa't pighati.

93. "Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong;
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing ng walang kabaong.

94. "Nguni ay ang lilo't masasamang-loob
sa trono ng puri ay iniluluklok,
at sa bawa't sukab na may asal-hayop,
mabangong insenso ang isinusuob.

95. "Kaliluha't sama ang ulo'y nagtayo
at ang kabaita'y kimi't nakayuko,
santong katuwira'y lugami at hapo,
ang luha na lamang ang pinatutulo.

96. "At ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan,
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan."

**Pinunong may hangad sa yaman**

97. At idinugtong pa ng makatang paham
Ang nakasisindak na katotohanang:
"Sapagkat ang haring may hangad sa yaman
ay mariing hampas ng langit sa bayan."

98. Kung naging mahapdi yaong kaapihan
Sa panahong tayo'y bihag ng dayuhan,
Ay higit at lalong kasakit-sakitan
Ang hampas ng atin na ring kababayan.

**Pilipino'y mapag-sisti**

99. Salamat na lang at tayong Pilipino'y
Marunong magsisti, tumawa't manukso
Kahiman at tayo'y ina-agrabyado
At pinaglalakuan ng hindi totoo.

**"Ang Gagong Lipunan"**

100. Kaya nga't kumalat ang pagsisistihang
Kapag naniwala itong ating bayang
Ang Bagong Lipuna'y ating kaligtasan,
Tayo'y babansagang "Ang Gagong Lipunan."

**Takot sa Hukbo**

101. Bagama't nagdamdam nang labis ang bansa
Sa pagkagahasa sa dangal at laya,
Marami ang taong di na nagsalita
Yamang wala rin daw lamang magagawa.

102. Hindi ko masisi yaong mga tao
Na di nakibaka para sa prinsipyo
Pagka't nangangambang sa harap ng hukbo
Ay mababangga lang ang ulo sa bato.

**Ilang matatapang**

103. Datapua't may ilang kusang nagsanggalang
Sa katotohanan, laya't katarungan;
Mga maginoong marapat hangaan
Pagkat di natakot lumabang lantaran.

104. Kabilang sa mga bunying abogado
Na nagsipag-alay ng kusang serbisyo
Sina Roxas, Planas, Salonga, Arroyo,
Ordoñez, Gonzales, King Rodrigo, Castro.

**Habeas Corpus**

105. Ang ginawa nilang pangunahing hakbang
Ay dumulog agad sa ating hukuman –
Sa Korte Supremang kataastaasan –
Upang ang dekreto'y tutulang lubusan.

106. Sa pamamagitan ng "Habeas Corpus"
Ay hiniling nilang agad ipag-utos
Ang pagpapalaya sa nangakalabos
Na nangagdurusang mistulang busabos.

107. Asunto'y dininig ng Korte Suprema. . .
Ang nag-argumento sa araw ng bista'y
Si Jovy Salongang may kapansanan pa,
Bunga ng pagbomba sa Plaza Miranda.

**Ang isyu sa Korte Suprema**

108. Ang puntong prinsipal ng argumentasyon
Ay ang pagbabawal sa 'ting konstitusyon
Na ang martial law'y ipataw sa nasyon
Kung walang imbasyon, aklasan, rebelyon.

109. O kung sakali mang mayroong aklasan
At yaong martial law'y mayroong batayan,
Ay hindi marapat agawing lubusan
Sa taongbayan ang mga karapatan.

110. At bukod pa diya'y di dapat masaklaw
Ang mga sibilyan ng batas militar
Lalo na't ang bintang na ipinapataw
Ay nangyari bago martial law'y umiral.

111. Ang katuiran naman ng pangasiwaan
Ay bukod-tangi raw ang Pangulo lamang
Ang makahahatol kung mayroong aklasan
O lubhang panganib na magsiklab iyan.

**Pangamba ng bayan**

112. Ang baya'y nangamba na baka padala
Ang nakararami sa Korte Suprema
Sa atas ng puno na siyang nagnombra
Sa puesto sa halos lahat sa kanila.

113. Sa ibabaw niyan ay may umaasa
Na baka sakaling ang Korte Suprema
Ay magpakilala ng independensya
Laban sa paghimok o pag-impluwensya.

**Transitory provision; ang mga hukom ay naging "casual"**

114. Nguni't ang pag-asa'y madaling nagdilim
Nang inapbrubahan niyaong Con-Con natin
Yaong transitoryong alituntuning
Ang sinomang hukom ay puedeng alisin.

115. Kaya't maging yaong mga mahistrado
Na dating matatag sa kanilang puesto
Ay puedeng kaltasin kailan man at gusto
Ng taong may hawak ng pagka-Pangulo

116. Hindi nagkabula ang madlang panimdim
Na Korte Suprema'y kontrolado na rin;
Ang Habeas Corpus. . . kay tagal nabinbin. . .
Halos dal'wang taon na ito'y nabitin.

117. Ang Habeas Corpus. . . saan mang hukuman
Ng alinmang bansa. . . ay hinahatulan
Nang kaagad-agad; pagka't kalayaan
Ng tao ang isyung pinagtatalunan.

118. Dito lang marahil sa sawi 'tang Bayan
Unang nasaksihan sa sandaigdigan
Ang pagkakabinbing katagal-tagalan
Ang ganyang asunto na pangkalayaan.

**Panibagong taktika ng Pangulo**

119. Habang ang asunto ay pinag-uusapan,
Pangulo'y gumawa ng isa pang hakbang
Upang masigurong siya'y patuluyan
Na mamamalagi sa kapangyarihan.

120. Kanyang inatasang Con-Con ay magsesyon
Upang yariin daw yaong konstitusyong
Di pa natatapos, dahil sa diskusyon
Sa ilang maselan na mga probisyon.

**Mga delegadong taga-oo**

121. At sapagka't yaong mga delegado
Na naninindigan laban sa Pangulo
Ay nakakulong sa Crame't Bonifacio,
Ang mga natira'y yaong taga-oo.

122. Kaya't anong bilis na naaprubahan
Ang mga probisyong lutong-Malakanyang;
Ang Con-Con ay naging imbing kasangkapan
Upang isang tao'y maghari-harian.

123. Ang mga probisyong nagsilbing kádena
Sa minana nating laya't demokrasya
Ay yaong aniya'y mga transitorya –
Bagama't ang tangka'y permanente pala.

**Tinipon ang poder sa isang tao**

124. Ipinag-uutos ng probisyong ito
Na lahat ng poder ng Primer Ministro
At kapangyarihan ng dating Pangulo
Ay pahahawakan sa iisang tao.

**Binindisyunan ang mga dekreto**

125. Gayon din, ang lahat ng mga dekreto
Na ipinahayag ng nasabing tao
Ay kikilalaning batas ng gobyerno
Kahit di nagdaan sa ating Kongreso.

**Diktatura**

126. Ang hantunga't layon ng probisyong ito
Ay gawing diktador ang dating Pangulo;
Saka palitawing tayong mga tao
Ang sadyang nagpukpok ng bato sa ulo.

**Ayaw ng bayan**

127. Alam ng Pangulong yaong diktadura'y
Di nais ng Bayang maka-demokrasya –
Kaya't ginamitan ng mga taktika
Upang magtagumpay ang maruming pita.

**Sumandali lang daw ang Martial Law**

128. Pinapaniwala itong sawing Bayang
Ang diktadura daw ay sumandali lang. . .
Di raw magtatagal at pasisimulan
Ang parlamentaryo na pamahalaan.

**Pain sa mga delegado at mga myembro ng kongreso** –

129. At tinakam yaong mga delegado,
Pati mga myembro ng buong Kongreso
Na sila'y magiging pawang mga myembro
Ng pansamantalang bagong Parlamento.

130. At katakam-takam ang laki ng sueldo. . .
Sang-taong sahod ay animnapung libo;
At mayroon pa raw mga pribilehyo,
Saka "allowances" at iba pang premyo.

**Ang pasubali**

131. Nguni't yaon lang daw mga delegado
Na nangagsipayag bumuto ng "Oo"
Para sa probisyong kunwa'y transitoryo
Ang magiging myembro niyaong Parlamento.

132. Gayon din, ang tanging kasama sa lista
Ay pawang yaon lang mga kongresista
At mga senador na nangagsipirma
At nangagdeklarang pumapayag sila.

**Maraming kumagat sa pain**

133. Maliban sa ilan, lahat ay nabihag –
Sa kislap ng tukso'y pawang nangabulag,
Kaya't nagsiboto at nangagsipayag
Na Baya'y masilo sa umang na bitag.

**Mga nanindigan sa simulain**

134. Labing-lima yaong mga delegado
Na naglakas-loob na bumoto nang No,
Kahit talos nila na ang bunga nito
Ay di sila myembro niyaong parlamento.

135. Sila'y sina Diaz, Barrera, Ordoñez,
Castro, David, Fernan, Occeña, Gonzales;
Gayon din sina Yap, Pimentel, Rosales,
At sina Garcia, Piit, Teves, Flores.

136. Yaong naka-presong mga delegado
Na nabanggit ko na sa tula kong ito
Ay di tinulutan na mangagsiboto
Sa mga probisyong aniya'y transitoryo.

137. Ang mga senador na hindi pumirma
Ay sina Aquino, Diokno at Salonga
Sina Eva Kalaw, Roxas at Padilla;
Pelaez, Doy Laurel at saka si Mitra.

138. Ang tanging congressmen na hindi nagahis
Ay sina Montano, Escueta at Roces;
Pepito Laurel, Jose Yap at Teves;
Sina Lingad, Daza't Neptali Gonzales.

**Mga nagkampanya**

139. Ang iba ay pawang napakasangkapan
Upang Konstitusyon ay maaprubahan,
Yaong konstitusyong may lasong palaman
Na ikamamatay nitong kalayaan.

140. Sila'y nagkampanya nang lubus-lubusan
Upang Konstitusyon ay maaprubahan.
Pagka't nais nilang tiyak na makamtan
Ang pangakong puestong inaasam-asam.

**Akala'y siguradong aprubado sa plebisito**

141. Inakala naman ng ating Pangulo
Na pawang a-amen tayong mga tao
At sa plebisito'y boboto nang "Oo". . .
Kaya't walang salang siya'y mananalo.

142. At dahil sa kanyang lubos na tiwala
Na ang oposisyo'y walang magagawa,
Siya'y nakaisip ng isang pakana
Upang magpa-tsarming sa mata ng madla.

**Libreng debate daw**

143. Taong setenta'y dos, buwan ng Disyembre
Kanyang pinayagan ang libreng debate
Upang diumano'y maipaintindi
Sa Bayan ang panig ng pro at ng anti.

**Salamangka**

144. Halatang-halatang ito'y salamangka
Na may nakakubling maruming taktika. . .
Tiniyak na walang kapagapagasa
Ang mga kalahok sa panig ng kontra.

**Mahikling panahon**

145. Una ay masyadong mahikling panahon
Ang ibinigay sa nasa oposisyon. . .
Higit lang 'sang buwan, na sadyang nataon
Sa bakasyong Pasko hanggang Bagong Taon.

**Walang media ang oposisyon**

146. At ang oposisyo'y hindi pinayagang
Gumamit ng TV, radyo't pahayagan;
Ang mga imprenta ay pinagbawalang
Lumimbag ng obrang katig sa kalaban.

**Takot ang tao sa Martial Law**

147. Datapua't ang lalong prinsipal na hadlang
Sa pagiging pantay ng paliwanagan
Ay ang madlang takot at sindak ng Bayang
Kumontra sa nais ng pangasiwaan.

148. Sapagka't saan mang panig nitong mundo
Ay sadyang totoong kapag may Martial Law
Ay kapos sa laya ang lahat ng tao. . .
Kaya't wala yaong wagas na pagboto.

**May ilang nangahas**

149. Nguni't gayon pa ma'y may ilang lalaki
At ilang magiting na mga babae
Na naglakas-loob makipagdebate. . .
Sila'y nagpamalas ng pagkabayani.

150. Noong pasimula'y anong pagkadilim
Para sa kanila yaong pangitain. . .
Pagka't taong-baya'y umiilag mandin
Dahil sa malaking takot at panimdim.

**Lumitaw ang madlang pagtutol**

151. Nguni't pagkalipas ng ilang araw lang,
Nagbalik ang lakas ng loob ng Bayan;
Sadyang dinaluhan ang paliwanagan
At sa bandang huli'y halos dinagsaan.

152. Lumitaw ang diwang dati'y nakalihim
At ang nakakubling tunay na loobin
Ng bayang sa takot ay naging aliping
Di makapagsabi ng nais sabihin.

153. Sa lahat ng lungsod, baryo't lalawigan
Ay biglang umugong ang sigaw ng bayan
Na sila ay tutol nang lubus-lubusan
Sa imbing pakana ng pangasiwaan. .

**Nangamba ang Pangulo**

154. Kaya nga't natalos ng ating Pangulo;
Kapag itinuloy yaong plebisito
Sa 'tinakdang petsang kinse ng Enero,
Ang boto ng bayan ay siguradong "No."

**Itinigil ang libreng debate**

155. Noong magtatapos ang buwang Disyembre
Ay biglang pinigil ang libreng debate;
Muling pinairal nang ubos ng tindi
Ang dahas at lupit ng Martial Law decree.

156. Ang bayan ay muling nasadlak sa dilim,
Muling nasaputan ng sindak at lagim!
Ano't ang liwanag ay ipinatikim
Kung ito lang pala'y dagling papawiin?

**Iba na namang pakana**

157. Pangulo'y kumatha ng ibang paraan
Upang plebisito'y kanyang maiwasan,
Nguni't mapalitaw na inaprubahan
Yaong Konstitusyon sa isang halalan.

158. Ang bayan ay muli na namang lininlang;
Ang tao'y tinulad sa tau-tauhang
Sa tuwi-tuwina'y pinaglalaruan,
Pinapalis-palis sa kaliwa't kanan.

**Haplitang pagtatatag ng mga barangay**

159. Haplitang nag-utos ang ating Pangulo
Na dagling magtatag sa lahat ng baryo
Ng mga "barangay". . .ang pakay daw nito'y
Maging sanggunian ng ating gobyerno.

160. Anong pagkalaking hiwaga't himala!
Ilang araw lamang mula sa babala
Ay natapos na raw ang biglang paglikha
Sa mga "barangay" sa buong 'sangbansa!

**"Loose consultation" daw**

161. Saka iniutos na dagling magtipon
Ang mga "barangay" sa lahat ng nayon
Upang magdaos daw ng "loose consultation"
Na pinamagatang kunwa'y reperendum.

162. Nais daw malaman ng pangasiwaan
Ang kuro't opinyon nitong ating Bayan
Sa ilang problema na may kaugnayan
Sa katayuan ng ating kabuhayan.

163. Anong pagkalaking insulto sa bayan
Ang mga ginamit na pamamaraan
Upang lahat tayo'y madaya't malinlang
At tuloy magmukhang gago't walang muwang.

**Halata ang taktika**

164. Halatang-halata ang mga taktika;
Pagkababaw-babaw yaong salamangka. . .
Musmos man o gago'y sukat makakita
Sa kabulaanan ng huwad na drama.

**Pinaboto ang mga batang 15-taon**

165. Una'y iniutos na sa reperendum
Ay makaboboto sa kunwa'y eleksyon
Pati mga batang labing-limang taon
Kahi't ito'y labag sa 'ting Konstitusyon.

**Pinaboto ang mga kriminal at baliw**

166. At pati ang mga salari't kriminal
At maging ang mga baliw, ulol, hangal
Ay pinabayaang bumoto't humalal
Sa reperendum na sadyang lutong-makaw.

**Hayagang pagboto**

167. At yaong paghalal ay hindi sekreto,
Ni walang balotang gamit sa pagboto.
Kaya't mahahayag sa lahat ng tao
Kung ang boto mo ay Hindi o Oo.



BANTAYOG NG MGA [illegible]

168. Talos ng Pangulong bihira ang tao
Na handang mag-umpog ng ulo sa bato;
Habang naghahari ang lakas ng hukbo.
Susunod ang tao sa imando nito.

**Masakit na biro**

169. Ang pamamaraan ng naging halalan
Ay isang komedya at katatawanan
At lubhang masakit na biro sa Bayan
Na sadyang hinamak at pinaglaruan.

**Inantala ang tanong**

170. Mayroong ginawang ısa pang pakana.
Na sa ganang aki'y sukdulan nang sama.
Sadyang inantala ang paglalathala
Sa bayan ng isyung pinakamalubha.

171. Ang tunay na pakay ng ating Pangulo,
Ay huwag ituloy yaong plebisito,
At ang gagamiting panghalili dito
Ay ang reperendum na sadyang pangluko.

172. Nguni't inilihim ang tunay na pakay
Ng kunwa'y konsulta sa mga barangay;
Ang mga tanong na unang pinalitaw
Ay tungkol sa ilang walang kuentang bagay.

**Ultima ora ipinahayag ang tanong**

173. Sa ultima ora ng kunwa'y eleksyon
Saka lang lumitaw ang tunay na tanong:
Itong Bayan daw ba ay sumasang-ayon
Na pagtibayin na yaong Konstitusyon?

174. Lubusang wala nang kapana-panahon
Upang ipaalam man lamang sa nasyon
Na may isiningit palang ganyang tanong
Sa bisperas na ng "loose consultation."

175. At lalong wala nang pag-asa man lamang
Na makapagdaos ng paliwanagan
Upang maunawa nitong ating Bayan
Kung ano ang tanong at ang kahulugan.

176. Kasalanang mortal sa mutya 'tang bansa
Ang nakasusuklam na ganyang pakana,
Pagka't niyurakan at sinalaula
Ang Batas ng Bayang pinakadakila.

**Hindi Comelec ang nangasiwa**

177. Isa pang maruming taktikang ginawa:
Hindi ang Comelec ang pinapamahala
Sa pagbobotohan. . . halatang-halata
Na nais ikubli ang balak na daya.

178. Sapagka't ang Chairman ng Comelec noon
Ay si Jaime Ferrer na di sasang-ayon
Na pakasangkapan sa buktot na layon
At "foul" na taktika ng administrasyon.

179. Tahasang nilabag ang mga probisyon
Ng dapat igalang nating Konstitusyon
Na Comelec ang may tanging superbisyon
Sa lahat ng mga pambayang eleksyon.

**Idinulog sa Korte Suprema**

180. Dahil sa paglabag at sadyang pag-iwas
Ng pangasiwaan sa Saligang-Batas,
May mga dumulog. . . humiling ng lunas. . .
Sa ating Hukumang Pinakamataas.

181. Ang mga nanguna sa pagdedemanda
At pangangatuiran sa araw ng bista
Ay sina Senador Salonga't Tañada,
Katulong ang dating nangabanggit ko na.

182. Ang unang hiniling sa Korte Suprema
Ay agad pigilin na pangsamantala
Ang pagpapahayag ng kunwa'y resulta
Niyaong reperendum na sinalamangka.

**Korte Suprema nagpabukas-bukas**

183. Nguni't ang Hukuma'y nagpabukas-bukas;
Hindi nagpamalas ng gilas at tigas. . .
At di naniwalang mayrong mangangahas
Na basta't palitan ang Saligang Batas.

"Instant Constitution"

184. Kaya't isang araw, habang nagbibista
At si Tañada ay nagsasalita pa,
Ang Pangulo'y dagli't biglang nagdeklara
Na ang Konstitusyon ay aprubado na.

185. Ang madla'y nagitla at lubhang namangha;
Mga mahistrado ay nangapahiya,
Pagka't hindi sila nagsipaniwala
Na ang Presidente'y kikilos na bigla.

Malaking misteryo

186. Noon ay Enero desisyete pa lang. . .
At noong akinse'y mayron pang halalan –
Walang dal'wang araw ang nakararaan
Upang isagawa ang pagbibilangan.

187. Ang lalong sukdulang kahina-hinala: –
Isang tao lang daw ang pinangasiwa
Sa buong 'canvassing' sa lawak ng bansa. . .
Anong pagkalaking misteryo't himala!

Ang mahiwagang si Mr. Cruz

188. Francisco Cruz mandin ang kanyang pangalan
Pangulo raw ito na pangkalahatan
Ng mga barangay sa sangkapuluan. . .
Nguni't ito pala ay kabulaanan!

189. Iyan palang si Cruz ay di man Kapitan
Ng baryo na kanyang kinaroroonan!
Tayong Pilipino'y inulol na naman;
Ang sawi 'tang Bayan ay pinaglaruan.

Na-onse't na-uto ang bayan

190. Kumalat sa Bayan ang isang sistihang
Patama sa "decree" na nagpapatibay
Sa pagka-apruba sa kunwa'y halalan
Niyaong Konstitusyon nitong ating Bayan.

191. Ang numerong taglay ng dekretong ito
Ay sadyang pumatak sa *Eleven O Two* (1102)
At ito ang naging batayan ng tudyo
Laban sa dekretong insulto sa tao.

192. Yayamang dekreto'y isang panglilinlang,
Ito raw ang dapat ipakahulugan:
*Na-onse't na-uto* (1102) itong sawing Bayan,
Huwag akalaing hindi namin alam.

**Nabago ang isyu sa Korte Suprema**

193. Yaong dating hiling sa Korte Suprema
Na ang reperendum ay pigilin muna
Ay bigla na lamang nawalan ng kuenta
Pagka't ang "resulta" ay nadeklara na.

194. Kaya't napilitang baguhin ang isyu
Na dapat hatulan sa ating asunto. . .
Na'ito ang bagong tanong sa Husgado: –
Ang reperendum ba'y *balido* o *nulo?*

**Tumbalik na hatol**

195. Ang naging desisyon ng Korte Suprema
Ay waring tumbalik at katakataka,
Pagka't ang pasiya ng nasa mayorya
Ay kontra sa naging hatol at resulta.

**Natalo ang mayorya**

196. Ang ANIM sa SAMPUNG mga mahistrado
Ay pawang nagsabing walang bisa't nulo
Yaong reperendum. . . pagka't labag ito
Sa sadyang inatas na prosedimyento.

197. Sinabi ng ANIM na yaong "eleksyon"
Ay tahasang labag sa 'ting Konstitusyon;
APAT ang nagsabing sapat daw na tugon
Sa Saligang-Batas yaong reperendum.

198. Datapua't ang lubhang nakapagtataka
Ay yaong sinabi ng Korte Suprema
Sa gawing hulihan ng naging pasiya –
Kontra sa lohika ng nasa mayorya.

199. Sinabi ng Korteng wala na raw hadlang
Na maipapataw ang mga hukuman
Sa turing na mayrong bisa nang lubusan
Ang bagong Saligang-Batas nitong Bayan.

Urong-sulong na hatol

200. Ito ay desisyong parang urong-sulong,
Waring nangingimi at walang kumbiksyon –
Bukod sa malabo ay may kontradiksyon. . .
Bakit kaya naman ito nagkagan'on?

Lutong Malakanyang?

201. Tuloy ay kumalat ang bulung-bulungan
Na ito raw yata'y lutong-Malakanyang. . .
Di ko na malaman ang katotohanan
Pagka't maging ako ay naguguluhan!

Birong tutuhanan ni Villareal

202. Maging si Speaker "Kune" Villareal
Ay mayrong sinabing birong-totohanan
Sa kanyang kumpadre't dating ka-lapian
Na ngayo'y diktador nitong ating Bayan.

203. Kumpadre, aniya, aming nalalaman
Na ito'y palabas, lansihan, lukuhan. . .
Kaya't kung kami man ay sunud-sunuran
Ay pagka't kami lang ay napipipilan.

Sinayang ang pagkakataong maging dakila

204. Ganito rin kaya ang naging isipan
Ng ating Hukumang Kataastaasan?
Kung gayon ay sayang. . . pagka't pinawalan
Ang koronang alok ng kadakilaan!

"Tinapay at Sirko"

205. Samantala nama'y nilibang ang tao
Sa pamamagitan ng dating metodo
Ng lahat ng mga diktador sa mundo. . .
Magmula pa noong panahon ni Nero.

206. Ang taguri diya'y "tinapay at sirko!"
Ito'y nakabatay sa maling prinsipyo
Na habang may kaunting pagkain ang tao
At kaunting libangan, ay pawang kontento.

"Hindi sa tinapay lang. . ."

207. Sadyang labag ito sa aral ni Kristo
At ng marami pang relihiyon sa mundo,
Na di pagkain lang ang hanap ng tao
Sapagka't ang tao ay may espiritu.

208. Kaya't tayong tao'y di nasisiyahan
Sa kaunting pagkain at kaunting libangan
Kung wala sa atin yaong katarungan,
Dangal, kalayaan at katotohanan.

209. Nguni't ang akala ng ating Pangulo
Ay masisiyahan na ang Pilipino
Sa kaunting "tinapay" at manakang "sirko"
Kahit pagharia't alipinin tayo.

**Mga palabas**

210. Kaya't milyun-milyon ang kuartang ginasta
Sa ubod nang gara na mga parada
At mga palabas na pampropaganda –
Habang nababaon ang Bayan sa dusa.

**Miss Universe contest**

211. Pinilit madala't maidaos dito
Ang timpalak para sa Miss Uniberso;
Ginasta'y higit sa daang milyong piso
Upang pahangai't libangin ang tao.

**Mga nabulagan sa Bagong Lipunan**

212. At mayroon din ngang mga mamamayan
Na, sa simula, ay waring nabulagan
Na ayos nga yata at tila mainam
Ang pagkakasipot ng "Bagong Lipunan."

**Mga eksportador**

213. Kabilang ang mga multi-milyunaryo
Na nagsisiyaman sa pagnenegosyo. . .
Sila'y nangatuwa't tumaas ang presyo
Ng ini-eksporta na mga produkto.

214. Ako'y nagtataka sa isipang ito. . .
Pagka't alam nating ang taas ng presyo'y
Di dahil sa birtud ng ating gobyerno,
Kundi pagka't ganyan ang presyo sa mundo.

215. At, sa katunayan, kapag dumaraing
Ang tao sapagka't mahal ang bilihin,
Di raw ang gobyerno ang dapat sisihin
Pagka't buong mundo'y nagkakaganyan din.

**Mga kapitalista**

216. At nangagalak din ang kapitalista
Dahil sa dekretong nagbawal sa welga,
Pagka't dahil dito'y wala nang sandata
Ang mga obrero laban sa kanila.

**Mga dayuhan**

217. Pawang natuwa rin ang mga dayuhan
Pagka't binigyan ng lubhang kaluwagan;
Ang *nasyonalismong* dating patakaran
Ay tinalikuran ng Bagong Lipunan.

218. Lubusang binuksan ang pinto ng bansa
Upang makapasok ang mga banyaga;
Nagsidagsa'y yaong mga masasama
Na makatipak lang ang tanging adhika.

219. Pati "Stock Market" ay pinakialaman
Ng mga eksperto at tusong dayuhan;
Kay daming naakit, nasilo, nalinlang
At pawang naluging mga taong-bayan.

220. Lubhang walang laban tayong Pilipino
Sa Intsik at Hapon at Amerikano. . .
Kaya't sa negosyo ay "dummy" lang tayo
O mga obrerong mababa ang sueldo.

**Ang Hukbong Sandatahan**

221. Bukod sa dayuhan, ang lalong nagdiwang
Sa pagkakatatag ng "Bagong Lipunan"
Ay ang mga nasa Hukbong Sandatahan
At mga kampon ng taga-Malakanyang.

**Mga bagong "oligarch"**

222. Kung dati'y mayroong mga naghahari
Sa pamamagitan ng angking salapi,
Ngayon ay lalo pang lumubha't sumidhi
Ang pagka-alipin ng Bayan at lahi.

223. Noong dati, ang Baya'y mayroong panglaban
Sa mga abuso niyaong mayayaman. . .
May mga pinunong napagsusumbungan,
At napapalitan kung nais ng Bayan.

224. Nguni't ngayon kaya ay saan tatakbo
Upang magpatulong laban sa abuso
At pagmamalabis na galing sa Hukbo. . .
Lalo na't sa mga namumuno nito?

**Mga naghihintay ng milagro**

225. Bukod sa nabanggit ko nang mga grupo
Na nasisiyahan na nagka-martial Law,
Ay may ilan namang kababayan tayo
Na dumadalangin na magka-milagro.

**Tulad ni San Pablo**

226. Baka daw magbago ang ating Pangulo. . .
Tulad ng himalang nangyari kay Saulo
Na nagbagong-loob. . . naging si San Pablo,
Matapos nabulag, patungong Damasko.

**Mga walang simulain**

227. At may mga taong walang simulain
At parati na lang kabi-kabilanin;
Wala silang tiyak na mga landasin –
Napatatangay lang sa hihip ng hangin.

**Mga oportunista**

228. At ang ilan naman ay oportunista
Na lagi na lamang nagsasamantala;
Sa ganang kanila'y walang mahalaga
Liban sa kung saan kakamal ng kuarta.

**Mga karaniwang mamamayan**

229. At ang karaniwang mga taong-bayan
Na ang sulirani'y ang ikabubuhay
Ng kanilang angkan sa gabi at araw,
Ay di na kumibo't di na nakialam.

**Panibagong taktika**

230. Pangulo'y gumamit ng isa pang taktik
Upang itong baya'y malagay sa gipit –
Sumala sa lamig, sumala sa init –
At dahilan dito'y huwag makaimik.

**Walang "order of succession"**

231. Sadyang pinigilan yaong dating Con-Con
Sa pagpapatibay ng isang probisyon
Na nagsasaad ng "order of succession"
O paghahalili ng administrasyon.

232. Kaya't walang batas na nagtatadhana
Ng isang paraang tiyak at payapa
Sa paghahalili sa puno ng bansa
Kung sakaling siya ay biglang mawala.

233. Ito'y ginagamit upang ipangsindak
Sa sinomang nais magtangka't magbalak
Na ang Presidente'y sadyang ipahamak
O kaya'y igupo, alisin, ibagsak.

Ang panakot ng pangulo

234. Kahit kayo'y ayaw – wika ng Pangulo –
Na ako'y magtuloy sa hawak na puesto,
Walang "alternative" pag nawala ako.
Liban sa agawan, patayan at gulo.

Mapanganib sa bayan

235. Pawang pangsarili ang ganyang isipan;
Hindi alintana ang palad ng Bayang
Siyang magdurusa pag pinag-agawan
At pinagdigmaan ang kapangyarihan.

## II. ANG ATING KASALUKUYAN

Tatlong taon na ang Martial Law

236. Tatlong taon ngayong pinaghaharian
Ng lakas ng hukbo itong ating bayan;
Diktadurang aniya'y pangsamandali lang,
Ngayo'y lumilitaw na pang-palagian.

Lalong naghirap ang bayan

237. Samantala'y walang napala ang Bayan
Sa mga pangako ng Bagong Lipunang
Tayo'y liligaya't magiginhawaan
Kahi't nawala ang laya't karangalan.

238. Manapa ay lalong humirap ang buhay;
Tumaas ang presyo ng lahat ng bagay;
Dumami ang taong walang hanapbuhay;
Nagsiklab ang digma sa Sulu't Mindanao.

**Mga katiwalian**

239. Hindi nabawasan ang katiwalian
Ng mga opisyal ng pamahalaan;
Manapa'y lalo pa itong naragdagan. . .
Nakitipak pati Hukbong Sandatahan.

**Mga nakawan**

240. Ang mga nakawan at mga loobang
Hindi nari-report sa 'ting pahayagan,
Ay lalong kumalat, lalong naragdagan,
Dahil sa dalita't madlang kahirapan.

**Mga abuso ng sundalo**

241. Ang pagmamalabis ng mga sundalo
Ay nasasaksihan sa lahat ng dako;
Ang mga biktima'y di lang mga preso
Bagkus pati mga karaniwang tao.

242. Yaong unipormeng dati'y ginagalang
Ng mga tahimik nating mamamayan,
Ngayon ay lubusang kinatatakutan,
Kinamumuhia't pinangingilagan.

**Nakabaon sa utang ang bansa**

243. At ang ekonomya nitong ating Bayan
Ay baong-baon sa utang kete utang. . .
Tayo ay Number One sa Dulong Silangan.
Kung laki ng utang ang pag-uusapan.

**Deficit at inflation**

244. Ang ating deficit sa buong 'sangtaon
Ay higit na labis sa APAT NA BILYON;
Ang resulta nito'y dagdag na *inflation*
At muling pagsipot niyaong *devaluation*.

245. Dahil sa deficit ay nag-iimprenta
Ang ating Central Bank ng dagdag na kuarta,
Kaya't tumataas ang mga halaga,
Habang lumiliit yaong kinikita.

**Mga pulubi**

246. Lubhang dumarami ang nagpapalimos
Dahil sa dalita at paghihikahos;
Nguni't ang gobyerno, embes na malunos,
Ay nagbabanta pang sila'y ikalabos.

**Hayagang karangyaan**

247. Datapua't ang lalong kasakit-sakitan
Ay yaong hayagang mga karangyaan
At pagbabandila ng labis na yaman
Sa gitna ng dusta't madlang kahirapan.

**Ang Unang Ginang**

248. Lubhang urong-sulong yaring pagsasabi
Ng ilang lantarang mga pangyayari,
Pagka't masasangkot ay isang babai
Na sana'y hindi ko nais na isali.

249. Ngunit ito'y tula na pangkasaysayan
Na dapat maghatid ng katotohanan,
Kahima't malabag sa kaugaliang
Di dapat untagin ang kababaihan.

250. Maging sa bibliyang kabanal-banalan
Ay nakasalaysay ang katotohanan
Tungkol sa nangyari kay Eba't kay Adan. . .
Maging kay Herodias at iba pang ginang.

251. Ang tinutukoy ko ay ang Unang Ginang
Na napakaraming mga katangian
Upang siya'y maging tunay na uliran
Ng kababaihan nitong ating Bayan.

252. Maganda ang mukha at maging ang tindig;
Sa pag-awit nama'y matamis ang tinig;
Maging magsalita ay kaibig-ibig;
Sa katalinuha'y mahirap madaig.

**Labis na luho**

253. Datapua't ang puna ng maraming tao
Ay ang nakikitang labis namang luho
Na kabalitaan, hindi lamang dito,
Kundi sa maraming panig nitong mundo.

**Mga alahas**

254. Lubhang pampagulat ang mga alahas. . .
Mga malalaking dyamante at perlas,
Emerald at rubi at iba pang hiyas –
Na ang halaga ay kagila-gilalas.

**"International jet set"**

255. Ang mga kaibiga'y yaong mayayamang
Ang layon sa buhay ay magpasikatan;
Mag-aliw, magpasyal, gumasta, magdiwang
Sa gitna ng madlang hirap nitong Bayan.

256. At sa bandang huli'y di na nasiyahan
Sa "society set" lang nitong ating Bayan;
Kaya't sinikap na siya'y makabilang
Sa "exclusive jet set" na pangdaigdigan.

257. Ang mga kasali sa nasabing grupo
Ay mga sukdulang multi-milyonaryo;
Ang 'playground' nila'y itong buong mundo,
Kaya't halos lahat ay may eroplano.

258. Ang Pilipinas lang ang maralitang Bayan
Na may Unang Ginang na kabilang diyan
Hindi kaya tayo pinagtatawanan
Sa ganyang paglustay. . . habang nangungutang?

259. Yaong mga piging at mga handaan
Ay sukdol sa gara at sa karangyaan;
Nais pumaris sa bansang mayayaman
Sa gitna ng ating madlang kahirapan.

**$1-milyon abuloy sa Ehipto**

260. At upang gulatin ang buong sangmundo
Ay nag-kontribusyon sa bansang Ehipto
Ng sangmilyong dolyar (na Amerikano). . .
Ang katumbas nito'y walong milyong piso.

261. Mayaman kaysa 'tin ang bansang Ehipto. . .
Ano ang dahila't nag-abuloy tayo?
At saan nanggaling ang salaping ito?
Ito ay marapat malaman ng tao.

**Mga kroni at angkan**

262. Samantala'y yaong mga kroni't angkan
Ng mga pinunong nasa Malakanyang
At ng mga nasa Hukbong Sandatahan
Ay nahahalata sa biglang pagyaman.

**Mga komersyante'y nagsimulang dumaing**

263. Mga komersyanteng dati'y nasiyahan
Noong unang pasok ng "Bagong Lipunan"
Ngayo'y para-parang nangag-uungulan
Dahil sa natikmang mga kagipitan.

**Mga suhol at kontribusyon**

264. Lalo raw lumubha ang mga suhulan;
Nakalulumpo raw ang kuntribusyunan;
At talo raw sila sa kumpetensyahan
Ng mga dayuhan, kroni't mga angkan.

**Bumagsak ang export**

265. Bukod pa raw dito ay biglang bumaba
Ang presyo ng export sa lahat ng bansa;
Kaya't yaong dating kinamtang biyaya,
Ngayo'y nanganganib na pawang mawala.

**Walang kapanatagan**

266. At tila kapos daw sa kapanatagan
Ang pangangalakal sa Bagong Lipunan. . .
Papalitpalit daw yaong patakaran
Pagka't nagmamando ay isang tao lang.

**Mga manggagawa'y nagdaralita**

267. Maging yaong ating mga manggagawa
Ay lalong nabaon sa pagdaralita
Kaya't pagkaraming nangingibang-bansa
Upang tumuklas ng ikaririwasa.

**Bawal ang welga**

268. Ang ating obrero'y kulalat sa kita
Sa lahat na halos ng bansa sa Asya;
Ang *union obrero'y* nawalan ng kuenta
Pagka't ibinawal na sila'y magwelga.

**Kapos ang sueldo**

269. Ito ngayo'y pinagsasamantalahan
Ng ilang higanteng kumpanyang dayuhan
Na narito't sadyang kumakasangkapan
Sa pa-sueldo ditong kababababaan.

**Banana Republic?**

270. Dapat na bakahin nitong ating Bayan
Ang pagdagsa dito ng ganyang dayuhan.
Upang di matulad sa isang dalagang
Ginahasa muna, at saka iniwan.

271. Nangyari na iyan sa Sud-Amerika
Na napagahasa sa mga kumpanya
Na ang ni-negosyo'y saging o banana
Na ipinatanim sa lupain nila.

272. BANANA REPUBLICS ang taguri ngayon
Sa nangagkaganyang sawing mga nasyon;
Huwag nawang itulot ng Mahal na Poon
Na ang Pilipinas ay magkaganoon.

273. Datapua't marami ang kinakabahan
Sa taktika ngayon ng Pangasiwaan
Na lubusang buksan ang pinto ng Bayan
At anyayahan pa ang ganyang dayuhan.

**Land Reform ay bigo**

274. Maging ang Land Reform na kung taguriar
Ay siyang sandigan ng Bagong Lipunan
Ay lumitaw ngayong isang kabiguan –
Pati magsasaka'y di nasisiyahan.

**Magsasaka'y lalong nabigatan**

275. Mga magsasaka ay lalong nasadlak
Sa pagdaralita't lubhang paghihirap;
Lalo pang dumami at lalong bumigat
Ang mga pasanin na binabalikat.

276. Dati'y buwis lang sa mga propyetaryo
Ang ibinababayad ng mga obrero;
Ngayon ay nadagdag ang amilyaremyento
Na dati'y may-ari ang siyang may kargo.

277. At ang masakit pa'y lalong nilakihan
Ang mga amilyar ng lupang sakahan,
Kaya't magsasaka'y lalong nabigatan
Sa halip na sila ay maginhawahan.

278. Magsasaka na rin ang so-solo ngayon
Sa lumaking bayad na pang-irigasyon;
Saka mayroon pa silang kontribusyong
Dapat na ibayad sa Samahang Nayon.

Magsasaka'y hindi tunay na may-ari

279. Datapua't ang lalong kasakit-sakitan
Ay lumilitaw ngayon ang katotohanang
Hindi pala sila ang may-aring tunay
Ng lupang kanilang pinagbabayaran.

Hindi maipamamana ang lupa

280. Hindi pala nila maipamamana
Ang lupa sa anak o kaya'y pamilya;
Yaong lupa palang pinagyaman nila
Ay nanganganib pang mapunta sa iba.

Mga propyetaryong maliliit

281. Ang lalo at higit na pinahirapa'y
Ang dating may-ari ng lupang sakahan
Lalo yaong mga maliliit lamang
Ang lupang kanilang ikinabubuhay.

282. Bukod sa masakit sa puso't damdamin
Na ang pag-aari'y pilit na ilitin,
Ang lalong masaklap ay yaong pagbinbin
Ng bayad sa may-aring maralita rin.

Gobyerno'y hindi nakahanda

283. Ang gobyerno pala'y hindi nakahanda
Upang ang Land Reform ay maisagawa;
Kapos yaong pondo na nakatadhana
Upang ipambayad sa mga may-lupa.

284. At hindi naglaan ang pamahalaan
Ng sapat na mga kailangang tauhan
Upang ang Land Reform ay isakatuparan
Kaya pala ito'y lubhang nababalam.

285. Kaya pati yaong mga abogado
Sa Land Reform Office ng ating gobyerno
Ay nangagbibitiw sa kanilang puesto,
Dahilan sa lubhang mababa ang sueldo.

286. Talo pa raw sila ng isang sarhento
Sa sueldo't iba pang mga pribilehyo. . .
Kaliit-liitan yaong presupuesto
Ng Land Reform Office, sa buong gobyerno.

**Hindi dibdiban ang Land Reform**

287. Ang Land Reform mandin ay hindi dibdibang
Isinasagawa ng Pangasiwaan;
Tila tama yata ang bintang ng ilan
Na ito'y isa lang panglibang, panglinlang.

288. Ngayon ay wala pa sa sinko porsyento
Yaong mga kaso na nakukumpleto;
Kaya't kapag hindi nilunasan ito
Ay baka tumagal ng halos 'sang siglo.

289. At ang nasasakop na mga bukirin
Ng buong Land Reform ng gobyerno natin
Ay yaong palay lang at mais ang tanim. . .
Ito'y kapurit lang ng ating lupain.

290. Ang lalong maraming mga magsasaka
Ay pawang di saklaw ng bagong reporma;
Kaya't sila ngayo'y nangababalisa
At nangaiinggit sa ibang kasama.

**Kabiguan ng Land Reform**

291. Kaya't kung Land Reform ang pagbabatayan
Ng aniya'y tagumpay ng Bagong Lipunan,
Ay harapin natin ang katotohanang
Magpahanggang ngayon, iya'y kabiguan.

**Ang turismo**

292. May isang umunlad na bagong negosyo
Mula nang umiral ang Batas ng Hukbo. . .
Nakatawag-pansin ang naging progreso
At naging paglago ng ating turismo.

**May buti, May sama**

293. Turismo'y may dulot na mga bentaha
Nguni't mayroon ding kasamaang dala;
Kaya't hindi dapat basta't ikasaya
Ang pagdami dito ng mga turista.

294. Ang tanging bentahang dulot ng turismo
Ay yaong salaping pumapasok dito
Na nakatutulong sa ating negosyo
At sa *foreign exchange* ng ating gobyerno.

295. Nguni't, kapag tayo ay hindi nag-ingat,
Ay baka sa halip na tayo'y umunlad
Ay lalo pa tayong tuluyang masadlak
Sa pagkalugami't madlang paghihirap.

**Mura dito para sa turista**

296. Ang ating atraksyon para sa turista
Ay ang pangyayaring, para sa kanila,
Ang bilihin dito ay napakamura –
Batay sa palitan ng kanilang kuarta.

297. Kaya't ang pag-unlad ng turismo dito
Ay batay sa balor ng Philippine Peso. . .
Habang bumabagsak ang halaga nito
Ay lalong mabuti para sa turismo.

**Mabigat para sa taongbayan**

298. Nguni't talos nating kapag nagkaganyan
Ang mangagdurusa'y tayong mamamayan.
Turistang dayuhan ay masasarapan;
Tayong Pilipino'y makukuba naman.

**Sayang na puhunan**

299. At yaong puhunang dapat na gamitin
Sa pangkalahatang kaunlaran natin
Ay natataboy sa mga pagawaing
Pawang pang-turista lamang ang layunin.

300. Daan-daang milyon yaong ginagasta
Sa mga proyekto't otel-pangturista,
Embes na gugulin upang iginhawa
Nitong sambayanang ngayo'y nagdurusa

**Dungis sa babaing Pilipina**

301. At ang lalo pang kahapdi-hapdian
Ay ang naging dungis sa bunying pangalan
Ng kababaihan nitong mutyang Bayan
Na dati'y bantog sa angking kalinisan.

302. Ginawang pang-akit sa mga turista
Ang ganda at timyas ng ating dalaga;
Kumalat sa Hapon yaong propaganda
Na babai dito'y maganda't mura pa.

303. Ang ating butihing mga Pilipina
Na ang karamiha'y maka-Maria Clara
Ay nasangkot tuloy sa maruming mantsa
Ng mga babaing pain sa turista.

**Huwag magkandarapa**

304. Di ko sinasabing turismo'y masama –
Nguni't rendahan lang sa paraang tama;
Huwag tayong tila hayok na timawa
Na sa turista ay nagkakandarapa.

**Na-1-2-3 ang mga delegado at myembro ng kongreso**

305. Samantala'y yaong mga delegado
Ng Con-Con; at yaong dating mga myembro
Ng ngayo'y gunaw nang Kamara't Senado
Ay nangagkakamot ng kanilang ulo.

306. Kanilang natalos na sila'y naluko
Ng pangakong sila ay magiging myembro
Ng pansamantalang bagong Parlamento,
Kung sila'y a-amen sa ating Pangulo.

307. Ngayon ay tiyak nang hindi bubuhayin
Ng Pangulo yaong Assembling Interim –
Kaya't ang kanilang pag-asang tumikim
Ng mga biyaya'y lubusang nalibing.

**Embes na parlamentaryo'y diktadura ang nangyari**

308. Lubusang tumbalik ang nangyari dito;
Sapagkat, sa halip na Parlamentaryo
Ang maging sistema ng ating gobyerno,
Ngayon ay lubusang Diktadura tayo.

**Tumbalik na layunin**

309. Ang unang layunin ng Parlamentaryo
Ay bawasan yaong poder ng Pangulo;
At ilipat iyan sa isang kongreso,
Na ang mga myembro ay halal ng tao.

310. Sa ganyang paraan ay madaragdagan
Ang kapangyarihan nating mamamayang
Humawak sa renda ng pamahalaan. . .
Ito ang pangakong sinabi sa Bayan.

311. Nguni't ang nangyari'y ang kapangyarihan
Ng ating pangulo ay naging puspusan;
Yaon namang dating poder nitong Bayan,
Embes maragdaga'y, nawalang lubusan.

**Isa na namang salamangka**

312. Natalos marahil ng ating Pangulo
Na ang kakatuwang katayuang ito
Ay tinutuligsa, hindi lamang dito,
Kundi sa lahat din ng bansa sa mundo.

313. Siya'y nakaisip ng bagong paraan
Upang palitawing itong ating Bayan
Ay sadyang kumporme at nasisiyahan
Sa ganyang garapal na katumbalikan.

**Reperendum na naman**

314. Ginamit na naman yaong reperendum
Upang palitawing tayo ay sang-ayon
Sa kanyang adhikang makapagpatuloy
Sa pagka-diktador sa habang panahon.

**Lutong makaw na naman**

315. Ang kinasangkapa'y ang mga barangay
Upang ipatupad ang plano at pakay;
Nagluto na naman ng putaheng-makaw
Na ipinakain sa takot sumuway.

**Mistulang dalagang napikot**

316. Itong sawing bayang sakbibi ng takot
Ay naging mistulang dalagang napikot. . .
Sa lahat ng tanong ay Oo ang sagot
Pagka't nangangamba na siya'y malagot.

**Wala nang halalan**

317. Pinilit ang bayang isukong lubusan
Pati karapatang sila ang maghalal
Ng kanila man lang pamunuang lokal –
Maging pang-probinsyal o pang-munisipal.

318. Ngayo'y kumpleto na yaong diktadura,
Pagka't itong baya'y wala nang balota
Na siyang sandata't mabisang panangga
Laban sa abuso ng pinuno nila.

**Pinapanday tayo ng sariling kadena**

319. Matapos gapusin ang paa at kamay
Ng sawi tang bayan, ay pinalilitaw
Na bayan pa mandin ang kusang pumanday
At kusang nagtali ng kadenang taglay.

**Pagdalaw sa Red China**

320. Samantala nama'y ating nasaksihan
Ang isa pang lubhang kabalintunaan –
Noong ang Pangulo at ang Unang Ginang
Ay nangagsidalaw sa Tsinang Pulahan.

321. Sariwa pa noon sa isip ng Bayan
Ang ipinahayag na unang dahilan
Ng pagkakapataw – ani Malakanyang –
Ng Martial Law Regime sa sawi tang Bayan.

**Dekreto Blg. 1081**

322. Batay sa Dekreto na *Ten Eighty-One* (1081)
Ng ating Pangulo. . . ang unang sanhi raw
Kung bakit Martial Law'y kanyang ipinataw
Ay ang lumulubhang gulo at aklasan.

**Komunista daw ang sanhi ng Martial Law**

323. At nanggagaling daw sa Pulahang Tsina;
Ang mga armas ng pangkat-komunista;
Bukod daw sa armas ay tumutulong pa
Si Mao sa salapi at sa propaganda.

324. Kaya't anong daming mga taong-bayan,
Na ang karamiha'y mga kabataan,
Ang pinagkukulong sa mga piitan
Pagka't binintangang mayrong Red Book ni Mao.

325. Pati ang aklasan sa Sulu't Mindanao
Ay ibinandilang suportado ni Mao;
At ano mang gulo, sa alin mang lugar,
Ay may nasa likod na komunista raw.

**Si Mao daw ay Public Enemy No. 1**

326. Pilit kinumbinsi itong ating bayan
Na si Mao ang *Public Enemy Number One!*
Ito ay ginamit na laging katuiran
Kung bakit Martial Law ay kinakailangan.

**Biglang nabaligtad**

327. Datapua't sa unang pagdalaw pa lamang
Ni Ginang Imelda sa Tsinang Pulahan
Ay nabaligtad na ang paglalarawan
Ng pangasiwaan sa Tsina't sa kay Mao.

**Si Mao ay "santo" daw ngayon**

328. Inilarawan sa mga peryodiko
At lahat ng mga telebisyo't radyo
Na ang Red China ay parang paraiso
At si Mao naman daw ay mistulang santo.

329. Hindi raw totoo ang dating paratang
Na si Mao ay mayrong tangkang sumalakay
O kaya'y tumulong sa mga aklasan
Sa kanilang mga kalapit na Bayan.

330. Si Ginang Imelda'y nabighani yata
At waring lumabis ang naging paghanga,
Kaya't siya tuloy ay tila nabigla,
Nang si Mao ay kanyang hinagkan sa mukha.

331. Pagkaraan nito ay kapuwa nagtungo
Sa Tsinang Pulahan ang ating Pangulo
At ang Unang Ginang. . . at malaking grupo
Ng mga kakabit na iba pang tao.

**Tig-isang eroplano**

332. Sila'y nagtig-isa ng eroplanong jet. . .
Namangha marahil yaong mga Instik
Sa laki ng gastos na ipinamasid
Nitong bansa nating sa kuarta ay gipit.

**Kasunduang diplomatiko**

333. Doon nilagdaan ng ating Pangulo
Ang pag-uugnay pang-diplomatiko
At ang kasunduan tungkol sa negosyo
Ng gobyerno ni Mao at ating gobyerno.

**Red China daw ang dapat mag-lider**

334. Ang ating Pangulo ay nagpahayag pa,
Sa isang diskurso na binigkas niya,
Na ang bansang dapat mag-lider sa Asia'y
Walang iba kundi Komunistang Tsina.

**Balintunang paninindigan**

335. Ang hakbang na ito – hindi man masama –
Ay di baga naman lubhang balintuna,
Pagka't kontrang-kontra sa kanyang ginawa
At mga sinabi dito sa 'ting bansa?

336. Magpahanggang ngayon ay nakakulong pa
Ang mga umano'y maka-komunista;
At itong Martial Law ay umiiral pa
Gayong si Mao pala'y hindi na kabaka.

337. Yaong mga Instik na mga pulahan
Ay nakalalaya dito sa 'ting Bayan;
Sa kabilang dako, ang nasa kulunga'y
Mga Pilipinong pulahan ang bintang.

**Saan patungo ang bayan**

338. Kaya't taong-bayan ay nagtatanungan –
Ano ba ang tunay na katotohanan?
Nahan kaya ngayon yaong katarungan?
Saan ba patungo itong ating Bayan?

**Graft ana corruption – lalong grabe ngayon**

339. Samantala nama'y lalong guma-grabe
Ang graft at korupsyong masahol sa dati;
Hanggang sa sumapit, nitong bandang huli,
Na ito'y hindi na puedeng maikubli.

340. Nababalisa na itong aping Bayan
Sa nasasaksihan na pagpapayaman
Ng mga opisyal ng pamahalaan
At maging ng ating Hukbong Sandatahan.

341. Noong una'y hindi ininda ng Bayan.
Ang nakasisindak na katiwalian,
Pagka't noo'y di pa lubhang kabigatan
Ang mga problema sa ikabubuhay.

**Masahol kaysa dati**

342. Nguni't pagkaraan ng may tatlong taon
Ng *Martial Law Regime* dito sa 'ting nasyon.
Ay lumubhang labis ang sawing kondisyon
Ng maraming taong halos ay magutom.

343. Ang labis na taas ng lahat ng presyo
Ay di na abot ng karaniwang tao
Na pawang mababa ang kita at sueldo –
At ang marami pa ay walang trabaho.

**Isa na namang palabas**

344. Napansin marahil ng ating Pangulo
Ang bulung-bulungan sa lahat ng dako
Tungkol sa pagyaman at labis na luho
Ng mga kaugnay sa ating gobyerno.

345. Kaya't kinakailangan ang isang pakana
Upang ang bulunga'y kanyang masawata;
Sapagka't, kung hindi, ay baka lumubha
Ang galit at poot nitong buong bansa.

**Ang umano'y "clean up" sa gobyerno**

346. Kaya't sa ikatlong-taong kaarawan
Ng Martial Law dito sa sawi 'tang Bayan
Ay ipinahayag, nang bigla na lamang,
Ang umano'y "clean up" sa pamahalaan.

347. Pangulo'y umamin at sadyang nagsabi
Na itong gobyerno'y pagkadumi-dumi;
Ang graft at korupsyo'y lubhang dumarami
At kasindak-sindak, tulad raw nang dati.

348. Kanyang tinuligsa yaong kasakiman
Sa yaman, sa gara, at sa karangyaan;
Sa kotseng maluho, sa mansyong maringal;
Sa pagliliwaliw at paglalakbayan.

349. Nangagpalakpakan ang maraming tao
Sa ginawang ito ng ating Pangulo,
Sapagka't ang Baya'y muhi nang totoo
Sa sukdulang dumi ng ating gobyerno.

**May duda ang bayan**

350. Habang ang marami'y nagpapalakpakan,
Ay marami din yaong nagtanung-tanungan,
Ito ba'y talagang tunay at puspusan?
Hindi kaya ito paimbabaw lamang?

**Ang malalaking pating ay hindi nasali**

351. Bakit yaong mga kabantug-bantugan
Sa piling koponan ng biglang yumaman
Ay hindi kasali ang mga pangalan
Sa hanay ng nasa Itim na Listahan?

352. Bakit sa listahan ay hindi kasali
Ang mga pangalang pinakamalaki. . .
Katulad ng ilang haligi ng Army,
Mga kamag-anak, kasosyo at kroni?

**Bakit ngayon lang?**

353. At bakit ngayón lang ito sinimulan,
Gayong kay tagal nang alam nitong Bayan
Ang nakasisindak na pagpapayaman
Ng nangakakapit sa pangasiwaan?

**Kanser ng bayan**

354. Bakit tatlong taong sila'y hinayaan
Na magsamantala sa kaban ng Bayan?
Bakit hinintay pang lumubhang lubusan
Ang kanser ng Bayan, bago nilunasan?

355. At di ba ang kanser – pag inoperahan –
Ay dapat alisin nang lubus-lubusan;
At pag di inalis ang pinag-uugatan
Ay lalong lulubha yaong karamdaman?

**Ang kinasangkapan at ang kumasangkapan**

356. At di baga tayo'y mayrong kasabihang
Waring natutugma sa kasalukuyan: –
"Kung dapat sisihin ang kinasangkapan
Ay lalo at higit ang kumasangkapan"?

357. Kaya't ang marami ay nag-iilingan
Bagama't sila nga'y nagpalakpakan. . .
Mistulang dalagang saglit na dinalaw
Ng dating kasintang lubhang salawahan.

**Dinungisan pati ang malinis**

358. At isa pang tanong na medyo masaklap –
Bakit isinabay sa umano'y "clean up"
Ang pagpapaalis sa tungkuling hawak
Sa ilang kawaning malinis at tapat?

359\. Tuloy, sila ngayo'y kasali sa mantsa
Na matatagalan bago pa mabura;
Samantala, sila'y pawang nagdurusa
At pati ang kani-kanilang pamilya.

**Tumuntong sa bunton ng mga bangkay**

360\. Di ba't mayroon pang isang kasabihang
Kung ninanais mong mapasa-ibabaw
Ay huwag mo sanang gamiting tuntungan
Ang bunton ng bangkay ng ibang nilalang?

**Nasaan ang kapalit ng nawalang laya?**

361\. Sa harap ng ganyang anyo ng lipunan. . .
Nasaan – tanong ko – ang kapakinabangang
Makakapalit daw niyaong kalayaan,
Puri't katarungang inagaw sa Bayan?

**Mga proyektong pasikat**

362\. Sapat ba ang mga proyektong pasikat
Na pawang panlibang, pang-akit, panggulat,
At pawang lalo lang na nagpapabigat
Sa mga pasanin ng taong mahirap?

**Ali vs. Frazier**

363\. Sapat bagang yaong labanan sa boksing
Ni Ali't ni Frazier ay dito gagawin,
Kahit milyon-milyon ang ating gugulin
Sa isang palabas na di naman atin?

**Karsada at tulay**

364\. Ang kapalit baga niyaong demokrasya
Ay ilang gusaling laan sa artista,
Ilang pagamutan at ilang karsada,
At tulay na alay kay Ginang Imelda?

**Luging-lugi ang bayan**

365\. Lubhang luging-lugi itong ating Bayan
Sa pagkakatatag ng Bagong Lipunan. . .
Matapos nawala ang laya at dangal
Ay walang nakamtan kundi kasawian.

**Hindi diktadura ang lunas**

366\. Imulat na natin ang ating isipan
Sa katotohanang ating kinagisnan –
Hindi diktadura ang ating kailangan
Sa ikauunlad nitong ating Bayan.

367. Walang isang tao sa 'sangdaigdigan,
Kahima't sukdulan sa katalinuhan,
Ang makahahatol – kapag mag-isa lang –
Sa palad ng ating buong sambayanan.

368. Bukod dito'y dapat na alalahaning
Ang kapangyarihan ay nakalalasing;
Pag tayo'y pumayag na iya'y samsamin
Ng iisang tao. . . kasawian natin!

**Demokrasya ang kailangan**

369. Ang kailangan nati'y mga mamamayang
Magmamalasakit sa palad ng Bayan;
Mga mamamayang mangagtulungang
Umugit sa landas ng pamahalaan.

370. Kaya't ang adhika ng sinumang tao
Sa lahat ng pook at panig ng mundo
Ay ang magkaroon ng tinig at boto
Sa pagpapalakad ng kanyang gobyerno.

**Demokrasya'y makatarungan**

371. Ito nga marahil ay may kabagalan
Sapagka't marami ang dapat pakinggan;
Nguni't ito'y higit na makatarungan
Pagka't tumutugon sa atas ng Bayan.

**Demokrasya'y puedeng bilisan**

372. At ang demokrasya'y may mga paraan
Upang mabilisan, kung kinakailangan,
Ang pagpapasiya at pagpapairal
Ng mga hakbanging kailangan ng Bayan.

373. Sa Saligang Batas ng dating gobyerno,
Na niyari noong taong treynta'y sinko (1935)
May sapat na poder ang ating Pangulo
Na gawing mabilis ang hakbang, kung gusto.

At sakaling ito ay hindi pa husto,
Siya'y mabibigyan ng ating Kongreso
Ng kapangyarihang ekstra-ordinaryo
Upang makatugon sa kanyang trabaho.

375. At, sa katunayan, ang poder na iyan
Ng dating Pangulo ay sapat-sapatan
Upang mapaunlad ang ating lipunan. . .
Kahit ang Martial Law ay hindi ipataw.

**Pagkukusa ng taongbayan**

376. At sa demokrasya ay may pagkukusa
Yaong mamamayan, sapagka't may laya;
Hindi tulad ngayong ang tao ay dusta
At parang aliping wala nang adhika.

## III. ANG ATING KINABUKASAN AT MGA PANININDIGAN

377. Sa gitna ng ganyang imbing katayuan
Ay uulitin ko yaong katanungan
Sa isa kong tula na naglalarawan
Ng mga panaghoy nitong ating Bayan: –

**Ganito na lang ba?**

378. "Ganito na lang ba tayong Pilipino –
Naghihintay na lang ng mando't dekreto
Na ipinapataw ng iisang tao
Sa pamamagitan ng lakas ng Hukbo?

379. "Katulad ba natin ay mga busabos
Na sunud-sunuran sa bawa't iutos
Ng isang pinunong, pagka't hindi Diyos
Ay minsang matugma at minsang magpaltos?

380. "Tayo ba'y wala nang kahit kaunting tinig
Sa ngayon at bukas ng ating daigdig;
Katulad ba natin ay lutang na yagit
Na pinapadpad lang ng agos ng tubig?

381. "At kung matindi na ang kirot sa buhay,
Kasalanan baga maging ang umaray?
Di baga't sanggol man na wala pang malay,
Kapag nasasaktan ay nagpapalahaw?

382. "Sadyang wala na ba tayong karapatang
Pumili kung sino ang paglalagakan
Ng ating tiwala at kapangyarihang
Humawak sa timon ng pamahalaan?

383. "Ang kapalaran ba nitong buong Bayan
Ay dapat masugal nang lubus-lubusan
Sa isang barahang sa minsang birahan
Ay baka magwaldas sa buong puhunan?

384. "Di ba tayong lahat – bata ma't matanda,
Babai't lalaki, mayaman at dukha –
Ay pawang karamay kapag itong bansa
Ay mapadakila o mapariwara?

385. "Di ba karapatang malaman ng madla
Ang lahat ng panig ng mga balita;
Tama bang ganda lang ang ipalathala
At ang kapangitan ay ipagkaila?

386. "Sapat bang ang bansa ay may kasarinlan
Nguni't mamamaya'y walang kalayaan?
Tama bang agawin ng isang kabayan
Ang layang tinubos sa mga dayuhan?

387. "Pati kasarinlan nitong ating bansa
Ay nanganganib ding mauwi sa wala
Dahilan sa labis na pagpaparaya
At lubhang pagkalong sa mga banyaga.

388. "Ang lalong malagim nating katayuan
Ay ang kawalan ng payapang paraan
Sa paghahalili, kapag kinailangan,
Sa namiminuno sa pamahalaan.

389. "Bawat pamunuan ay may pagwawakas.
Sino ang papalit pagsapit ng oras?
Wala tayong batas na dito'y panglutas
Kaya't ang iiral ay lakas sa lakas.

390. "Sa pag-aagawan, dugo ay dadanak –
Anong daming buhay ang mapapahamak;
Ganyan bang lipunan ang sadya tang balak
Na ipamamana sa 'ting mga anak?"

**Hindi ganito na lang; may pagasa tayo!**

391. Hindi ko sinagot sa tulang naturan
Yaong pagtatanong nitong ating Bayan,
Ngayon, sa tulang itong pangkasaysayan,
Ay sasagutin ko yaong katanungan.

392. Ganito na lang ba? Hindi, aking Bayan!
Ang lahat sa mundo ay may katapusan. . .
Lalo na't kikilos tayong mamamayan
Sa halip na kusang pa-api na lamang.

**Lakas ng pagkakaisa**

393. Bagama't ang bayan ay walang sandata
Ay huwag sabihing wala nang pag-asa. . .
Ang lakas ng bayan, kapag nagkaisa,
Ay di masusugpo ng tabak at bala.

**Makatarungang paninindigan**

394. Lalo na't ang ating pinanininindigan
Ay ang katarungan at katotohanan,
Nasa panig natin yaong kalangitan
Kaya't wala tayong sukat katakutan.

**Portugal at Thailand**

395. Ito ang nangyari kamakailan lamang,
Sa Gresya, Portugal at maging sa Thailand,
Nagtagumpay doon ang atas ng Bayan
Laban sa lakas ng hukbong sandatahan.

**Matahimik na pakikibaka**

396. Ang ginamit nila'y hindi ang sandata
Kundi matahimik na pakikibaka;
Di sila natakot na ipakilala
Ang nagkakaisang pagsalungat nila

**Atrasado ba ang Pilipinas?**

397. Kung ang ibang bansa'y nakapagpamalas
Ng ganoong tapang, giting, kisig, gilas. . .
Bukod tangi bagang itong Pilipinas
Ang hindi iimik magpahanggang wakas?

**"Kung walang paaalipin. . ."**

398. Kung wala – ani Rizal – na paaalipin
Ay kusang wala rin na mang-aalipin;
Di sapat na ito'y atin lang sambitin –
Kailangang isalin ito sa gawain.

**Nasa Diyos ang awa; nasa tao ang gawa**

399. Tayo ay tumawag kay Poong Bathala
Upang ang kilusa'y matugma't matama;
Datapua't tantuing nasa 'tin ang gawa
Bagama't totoong nasa Diyos ang awa.

**Ang ating mga simulain at paninindigan**

400. At dibdiban nating isaalang-alang
Na tayo ay hindi taga-tutol lamang,
Bagkus may sariling mga patakaran,
Mga simulain at paninindigan.

401. Sakaling matubos yaong kalayaan –
Sa tulong ng Diyos at sikap ng Bayan –
Na'ito ang ating hanay at talaan
Ng mga prinsipyong pinananaligan.

**Dangal, giting at laya**

402. Tayo'y nananalig na tao'y nilikha
Na may katutubong dangal, giting, laya. . .
Higit na matayog ang kanyang adhika
Kaysa mabuhay lang na parang timawa.

**Mga katutubong karapatan**

403. Ang lahat at bawat isang mamamayan
Ay may kinagisnang mga karapatang
Kaugnay ng buhay at ng kalikasan –
Na dapat igalang ng pamahalaan.

**Mga tungkulin**

404. Kung p'anong ang tao ay may karapatan
Ay may tungkulin ding dapat na gampanan
Tungkulin sa lahat at bawa't nilalang;
Tungkulin sa bayan at pamahalaan.

**Lumagay sa katamtaman**

405. Ang dapat sikapin ay magawang timbang
Ang mga tungkuli't mga karapatan. . .
Ang tao'y di dapat labis na higpitan
At hindi rin dapat masyadong luwagan.

406. May sapat na luwag upang matuklasan
Ang mga mithiin sa sariling buhay;
May sapat na higpit upang magampanan
Ang mga tungkulin sa baya't lipunan.

**Gobyernong epektibo, pero hindi opresibo**

407. Ang ibigay nating lakas sa gobyerno'y
Sapat upang ito'y maging epektibo;
Nguni't huwag labis, pagka't may peligro
Na ang pamunua'y maging opresibo.

**Nasa bayan ang kapangyarihan**

408. At ang simulaing kauna-unahang
Dapat paghariin dito sa 'ting bayan,
Ay ang baya'y siyang makapangyarihan;
Higit sa pinuno at pamahalaan.

**Representative Democracy**

409. Kaya't ang bubuo sa pangasiwaa'y
Mga kinatawan na halal ng Bayan;
At, kapag ang baya'y hindi nasiyahan,
Makakaltas sila sa muling halalan.

**Gobyernong may pananagutan sa bayan**

410. Sa ganyang paraa'y may pananagutan
Ang mga pinuno sa tao at Bayan. . .
Hindi tulad ngayong ang tanging sandigan
Ng pagka-pinuno'y Hukbong Sandatahan.

**Press freedom**

411. Upang magkabisa yaong demokrasya,
Dapat magka-laya ang pang-madlang media,
Huwag kontrolahin yaong peryodista,
Mga manunulat at komentarista.

412. Kailangang malaman nitong ating Bayan
Ang lahat at lubos na katotohanan
Upang magkaroon ng tamang batayan
Ang ating alin mang pasiya at hakbang.

413. Ang dapat ipataw na tanging pang-preno
Upang yaong media'y huwag umabuso
Ay ang parusahan ang krimeng libelo
At iba pang krimen sa ating kodigo.

**Malayang Pagtitipon**

414. Hayaang ang tao'y malayang magtipon
Upang magpalitan ng kuro't opinyon;
Sa ganyang paraan ay kusang sisibol
Ang pambansang diwa nitong ating nasyon.

415. Ito ay tulong din sa pangasiwaan
Sapagka't lilitaw ang damdaming-Bayan
Na siyang marapat gamiting batayan
Ng mga pasiya ng pamahalaan.

**Huwag pailalim sa dayuhan**

416. Dapat ding iwasang itong ating Bayan
Ay mapagharian ng mga dayuhan;
Pagka't baka itong ating kasarinlan
Ay maging sa turing at pangalan lamang.

**Economic Independence**

417. At tantuin nating hindi lang sandata
Ang tanging pambihag sa isang kolonya. . .
Kolonya rin tayo kapag nakontrola
Ng dayuhan itong ating ekonomya

418. Kaya nga't marapat na sadyang palitan
Ang ating sistema sa pangkabuhayan,
Pagka't tayo ngayo'y nakasandig lamang
Sa mga banyaga at bansang dayuhan.

**Palitan ang "export-oriented economy"**

419. Ang emphasis ngayo'y nasa eksportasyon
Upang magka-dollar na pang-importasyon. . .
Ang sistemang iya'y hindi tumutugon
Sa unang kailangan nitong ating nasyon.

420. Pagka't sa ilalim ng ganyang sistema
Ay iilan lamang ang nagtatamasa. . .
At ang karamiha'y mga dayuhan pa,
Pagka't eksportasyo'y nasa kamay nila.

421. Lalong bumababa ang takdang palitan
Ng *Philippine Peso* sa kuartang dayuhan;
Ito'y sinasadya upang mababaan
Ang presyo sa *dollar* ng ating kalakal.

422. Ito ang paraan upang makalaban
Ang ating produkto sa kumpetensyahan
Doon sa *World Market* na pinagtitindahan
Ng lahat ng *export* ng lahat ng Bayan.

423. Mistulang mainam, sa biglang akala,
Datapua't parusa sa Bayan 'tang dukha. . .
Habang namumura ang kuarta ng bansa,
Ang ating bilihi'y pataas na lubha.

424. Ito'y konsekwensya niyaong oryentasyon
O pagkakahilig ng Administrasyon
Sa mga produkto na pang-eksportasyon
Embes na produktong kailangan ng nasyon.

**Pilipino muna!**

425. Ang wastong batayan nitong ekonomya
Ay ang simulaing PILIPINO MUNA. . .
Bago mag-eksporta'y paglaanang una
Ang igiginhawa nitong ating masa.

**Unahin ang mga pangunahing pangangailangan ng tao**

426. Ang unahin muna'y ang ikabubuhay
Ng lalong maraming anak nitong Bayan –
Ang bigas at ulam; damit at tahanan;
Gamot, paaralan, at kaunting libangan.

427. 'Pag sapat na tayo sa pangangailangan,
Magiging sapat din itong kasarinlan,
Pagka't di na tayo mapaghaharian
Ng mga banyaga o bansang dayuhan.

428. Datapua't di sapat ang makakalag lang
Sa mga dayuhan itong ating bayan. . .
Kung ang makakapalit na muling kakamkam
Ay ang ilang ganid nating kababayan.

**Makatarungang pamamahagi ng kayamanan**

429. Dapat maging wasto at makatarungan
Ang paghahatian sa yaman ng Bayan;
Di dapat hayaang masakmal ng ilan
Ang biyayang laan sa pangkalahatan.

430. Di ko sinasabing lahat ay bawian
Ng mga naimpok nilang kayamanan;
Datapua't lunasan ang lubhang tagibang
Na anyo sa buhay ng dukha't mayaman.

431. Ang mga biyayang dulot ng Maykapal
Ay sapat sa ating pangangailangan;
Kung ito'y malimit na kapos at kulang
Ay dahil sa labis nating kasakiman.

432. Ang marapat nating sunding patakaran
Ay di pakaliwa at hindi pakanan. . .
Bawasan ang sobra, dagdagan ang kulang
At huwag tinagin yaong katamtaman.

**Mga bagay na dapat ilagay sa kamay ng pamahalaan**

433. Yaong ilang mga serbisyong pambayan
At mga proyektong mayrong kinalaman
Sa ating pambansa't madlang kaligtasa'y
Ilagay sa kamay ng pamahalaan.

**Isosyo ang lalong maraming tao**

434. Saka yaon namang mga pagawaang
Malaking puhunan ang sadyang kailangan,
Ay huwag hayaang lubusang makamkam
Ng ilang tao lang o ng ilang angkan.

435. Gawan ng paraan na maging kasosyo
Ang lalong maraming ordinaryong tao –
Lalo na ang mga nangagtatrabaho
At nagsi-serbisyo sa negosyong ito.

**Paunlarin ang mga kooperatiba**

436. Sikaping ang mga kooperatiba
Ay magkapagtipon ng sapat na kaya
Upang mag-may-ari ng mga pabrika,
Bahay kalakala't lupang sinasaka.

**Katahimikan, katarungan, katotohanan, kalayaan, at karangalan**

437. Banal na tungkulin ng pamahalaan
Na pamalagiin ang katahimikan,
At papaghariin ang katotohanan,
Ang laya, ang dangal, at ang katarungan.

438. Nguni't isang bagay ang pakatandaan –
Higit ang halaga ng katotohanan,
Ng laya, ng dangal at ng katarungan,
Kaysa mapang-api na katahimikan.

439. Ang katahimikang ninanais natin
Ay di yaong tulad sa mga aliping
Walang laya, walang dangal, walang giting,
Buong pagkatao'y parang nakalibing.

**Pantay-pantay sa batas**

440. Tayo'y pantay-pantay sa harap ng batas –
Mahirap, mayaman; mahina, malakas;
Babai't lalaki; mangmang man o pantas;
Karaniwang tao't pinunong mataas.

**Magkaisa sa ibabaw ng pagkakaiba-iba**

441. Datapua't ang tao'y di pare-pareho
Sa angking ugali, sa kanyang prinsipyo;
Sa hilig, sa sipag, sa diwa't talino;
Sa landas na tugma sa kanya sa mundo.

442. Maging sa relihyo'y iba-iba tayo. . .
Ang nakararami ay mga Kristiyano,
Nguni't marami rin ang Muslim na Moro;
Ang walang relihyon; at mga Pagano.

443. Sa gitna ng ating mga diperensya
Ay buklurin natin ang pagkakaisa –
Tulad ng maraming iba't ibang sanga
Ng iisang puno ng santol o mangga.

**Pantay na pagkakataon**

444. Dulutan ang lahat ng pagkakataong
Tumuklas ng kanyang mithiin at layon;
Ibukas sa kahit batang taga-nayon
Ang pag-asang maging pinuno ng nasyon.

**Iwasan ang paboritismo**

445. Ang mga biyaya'y hindi monopolyo
Ng alin mang angkan o sino mang tao;
Di dapat tulutang ang ating gobyerno
Ay sadyang pumabor sa alin mang grupo.

**"Checks and balance" sa gobyerno**

446. At dapat ibalik ang mga pang-preno
Sa mga abuso ng ating gobyerno. . .
Pagyamaning muli ang mga prinsipyo
Ng gobyernong tunay na demokratiko.

**Batasang Bayan**

447. Itatag na muli ang Batasang Bayan
Na bubuuin ng mga kinatawang
Kusang hihirangin nating mamamayan
Sa mga malinis, malayang halalan.

**Higit sa lahat ang mga mamamayan**

448. At, higit sa lahat, tayong mamamayan
Ang siyang tutuklas ng kinabukasan
At ng kapalaran nitong Inang Bayang
Ngayo'y nananabik sa bukang-liwayway.

449. Talikdan ang mga dating kamalian
Sa ating ugali, damdami't isipan,
Na kung tutuusi'y nagsilbing dahilan
Ng sinapit nating sawing kalagayan.

450. Huwag abusuhin yaong kalayaan;
Huwag ipang-api yaong karapatan. . .
Lahat-lahat tayo'y may pananagutan
Sa Diyos, sa tao, at sa Inang Bayan.

**Panawagan sa ating bayan**

451. Ang tula kong ito'y isang panawagan
Sa mga bayani nating mamamayan
At mga alagad ng katotohanan,
Ng laya, ng dangal, at ng katarungan.

452. Hayo't pag-alabin sa ating sarili
Ang tapang at giting ng mga bayani
Na kusang nangab'wal sa dilim ng gabi
Upang itong baya'y lumaya't bumuti.

453. Hayuna't kalagin yaong tanikala
Na nakagagapos sa sawi 'tang bansa;
Hayuna't sikaping Baya'y dumakila
Sa ating punyagi't tulong ni Bathala!

WAKAS

Lungsod ng Quezon, K. P.
Septyembre 30, 1975